

PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos dahil ikaw ay naging anak Niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Pasalamatang Siya sa layunin Niya sa buhay mo at sa pananampalataya at kalakasan na ibinigay Niya sa iyo para maisakatuparan ito.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang pagtagumpayan ang mga pagsubok sa mundo nang may ganap na katiyakan na kasama mo Siya. Ipanalangin na lagi kang tutugon sa pananampalataya at hindi sa takot.
- Ipanalangin na habang isinasapamuhay mo ang iyong pananampalataya araw-araw, mahikayat mo ang iyong pamilya at kaibigan na piliin din ang Diyos at ang Kanyang layunin at hindi ang mga alalahanin at yaman ng mundo.

NOTES



Moises

WEEK 5

WARM-UP

- Ano ang pinakapaborito mong bagay sa buong mundo? Ano ang nagustuhan mo sa bagay na ito?
- Paano mo ilalarawan ang isang buhay na maginhawa?
- Saang bagay ka kilala noong bata ka?

WORD *Dahil sa pananampalataya, iniwan ni Moises ang Egipto at hindi siya natakot kahit na magalit ang hari sa kanya. Nanindigan siya dahil parang nakita niya ang Diyos na hindi nakikita.* **MGA HEBREO 11:27**

Sa liham na ito na para sa mga Hebreo, si Moises ay binigyan ng papuri dahil sa kanyang pananampalataya. Siya ang pinuno ng mga Israelita na ginamit ng Diyos upang palayain ang Kanyang mga mamamayan mula sa pagiging mga alipin sa Egipto. Subalit ang buhay ni Moises ay hindi dito nagsimula. Siya ay isang prinsipal sa pamilya ng Faraon. Sanay siya sa mga pribilehiyo at kaligayahan. Subalit kinailangan niyang ipagpalit ang maginhawang buhay para sa mga layunin ng Diyos. Tulad ng ginawa ni Moises, narito ang tatlong bagay na dapat nating piliin nang may dakilang pananampalataya.



1 | Piliin ang Pagtawag ng Diyos.

²⁴Dahil sa pananampalataya, nang malaki na si Moises ay tumanggi siyang tawaging anak ng prinsesa ng Egipto. ²⁵Mas ginusto niyang makibahagi sa paghihirap na dinaranas ng mga taong sakop ng Diyos kaysa lasapin ang mga panandaliang kaligayahan na dulot ng kasalanan. **MGA HEBREO 11:24,25**

Si Moises ay isang Hebreo, kabilang sa mamamayang pinili ng Diyos, at lumaki siya sa tahanan ni Faraon. Sa mata ng mundo, napakaganda ng buhay niya—mayaman, taglay ang lahat ng kailangan, at may kakayahang gawin ang anumang gusto niya. Iniwan niya ang lahat ng ito upang isakatuparan ang plano ng Diyos sa buhay niya—ang palayain ang mga Israelita mula sa Egipto, ang lupain kung saan sila naging mga alipin. Iniwan niya ang panandaliang kaginhawahan para sa layunin ng Diyos. Mayroon bang pagkakataon na kinailangan mong piliin ang hindi maginhawang buhay upang sumunod sa Diyos at tuparin ang layunin Niya para sa iyo?

2 | Piliin ang Gantimpala ng Diyos.

Itinuring niyang mas mahalaga ang maalipusta para kay Cristo kaysa sa mga kayamanan ng Egipto, dahil inaasam niya ang gantimpalang matatanggap niya. **MGA HEBREO 11:26**

Pinili ni Moises ang gantimpala ng Diyos at tinalikuran ang yaman ng mundo. Subalit ang gantimpalang ito ay hindi niya agad-agad na natanggap. Isinakripisyo niya ang estado niya sa buhay, yaman, at kaginhawahan dahil sa pananampalataya na may malaking gantimpala mula kay Cristo, na noong mga panahong iyon ay hindi pa namuhay sa mundo. Minsan ay matutukso tayo ng mga yaman ng mundo, at mailalagay sa kompromiso ang ugnayan natin sa Diyos at ang layunin Niya sa buhay natin. Subalit dapat tayong tumugon nang may pananampalataya, at ituon ang ating pansin sa pag-asa at gantimpala na matatanggap natin sa hinaharap kay Cristo. Ano ang sinabi sa Jeremias 29:11 tungkol sa plano ng Diyos para sa atin?

3 | Piliin ang Diyos.

Dahil sa pananampalataya, iniwan ni Moises ang Egipto at hindi siya natakot kahit na magalit ang hari sa kanya. Nanindigan siya dahil parang nakita niya ang Diyos na hindi nakikita.

MGA HEBREO 11:27

Sa huli, nanalig si Moises na iligtas ng Diyos ang Kanyang mamamayan. Nang makipag-usap sa kanya ang Diyos, sumunod si Moises kahit pa nagdalawang-isip siya sa umpisa. Nakita niya na gagawa ang Diyos ng paraan para iligtas sila. Pinili niyang maniwala sa makapangyarihang Diyos na hindi niya nakikita sa halip na matakot sa galit ng hari. Dahil sumunod si Moises nang may pananampalataya, ang katapatan ng Diyos ay mas nakita ng Kanyang mga mamamayan. May mga pagkakataon na sumusuko tayo sa mga pagsubok sa mundo, subalit dapat tayong magtiis at isa-isip natin na matapat ang Diyos. Ano ang sinasabi ng Mateo 24:13 tungkol sa mga nagtitiis?

APPLICATION

- May katiyakan ka ba sa pagkakakilanlan mo bilang anak ng Diyos? Binitawan mo na ba ang mga pagkakakilanlan na ibinibigay sa iyo ng mundo? Manalangin na magawa mong angkinin ang pagkakakilanlan at layunin mo sa Diyos.
- Ano ang mga humahadlang sa pamumuhay mo nang may pananampalataya sa Diyos? Ano ang isang hakbang na maaari mong gawin upang tanggalin ang mga hadlang na ito ngayong linggo?
- Sino ang tinutulungan mo na magpatuloy sa pagsunod sa Diyos? Sa pamamagitan ng mga natutunan mo ngayon, paano mo siya mahihikayat na piliin ang Diyos sa kabila ng mga pagsubok sa mundo?